Abril　2024

# Buod ng “Automobile Tax (Category Base)"

Alam mo ba ang ipinapataw na vehicle tax sa Japan, ayon sa mga sumusunod na paliwanag?

| | National Tax | Prefectural Tax | City Tax |
|---|---|---|---|
| Kapag bumili ng sasakyan | Vehicle Weight Tax | Automobile Tax (Environmental Performance Base) | Light Weight Automobile Tax (Environmental Performance Base) |
| | | **Automobile Tax (Category Base)** | |
| Habang nag mamay-ari ng sasakyan | | **Automobile Tax (Category Base)** | **Light Weight Automobile Tax (Category Base)** |
| Kapag magpapa-inspeksyon ng sasakyan | Vehicle Weight Tax | | |

Ipaliliwanag sa ibaba ang isa sa pinaka-pamilyar na tax sa lahat, ang “Automobile Tax”.

**◎ Paano ang sistema ng Automobile Tax?**

Ang Automobile Tax ay yearly tax na binabayaran buo ng vehicle owner (nakarehistro sa Transport Bureau sa Abril 1 ng bawat taon). Sa mga bagong nagparehistro makalipas ang Abril, kailangan bayaran monthly ang tax mula sa susunod na buwan ng pagkarehistro hanggang sa susunod na Marso.

Ang buwis ay kinakalkula ayon sa category ng sasakyan (tulad ng kotse o truck), alinsunod sa total emission quality at maximum loading capacity nito.

Ipadadala sa umpisa ng Mayo ang notice para sa pagbabayad ng tax kung saan nakasulat ang halaga at petsa ng pagbabayad. Pagkatanggap ng bill notice, bayaran ito hanggang sa nakatakdang petsa ng pagbabayad. Sumangguni sa ibaba para sa mga lokasyon at paraan ng pagbabayad.

Alinsunod sa batas, papatawan ng delinquent charge kung lalampas sa due date ang pagbabayad. Siguraduhin na makabayad bago mag-due date.

**◎Lokasyon at Paraan ng Pagbabayad**

- Itinalagang Pinansyal na Institusyon (Para sa mga institusyong pampinansyal na maaaring magbayad, mangyaring tingnan ang Homepage ng Local Tax Agency (wikang Hapon lamang).)

  共通納税対応金融機関 | Search Keyword

- Convenience stores sa buong bansa
  7- Eleven, Daily Yamazaki, Family Mart, Ministop,
  Yamazaki Special Partner Shop, Lawson (Alphabetical Order)
- Stores na may MMK Terminals
- Maaaring magbayad gamit ang smartphone payment app. Tignan ang Local Tax Agency website (wikang Hapon lamang) para sa mga available na app sa pagbabayad. Maaaring hindi pwede ang ilang app sa pagbabayad ng buwis. Mangyaring suriin muna ang homepage ng app.

  地方税お支払いサイト | Search Keyword

- Maaari kang magbayad sa pamamagitan ng credit card o internet banking sa lokal na site ng pagbabayad ng tax (wikang Hapon lamang).

・Internet banking o mobile banking na tumutugon sa
Pay-easy (transaksyon sa institusyong pinansyal gamit ang internet atbp.), ATM atbp.
・Maaari ring gamitin ang bank transfer upang bayaran ang iyong tax.
Para sa mga detalye, mangyaring mag-apply sa isang Institusyong Pinansyal sa Prepektura.(hindi kasama ang Japan Post Bank)

■ Ang sumusunod ay pangunahing halaga ng buwis.

【Mga Sasakyan】

| Classification | Private Use | | Commercial Use |
|---|---|---|---|
| | Tax Rate①(※) | Tax Rate②(※) | |
| Total ng emission quantity (TEQ) ay ≤ sa 1000cc | ¥29,500 | ¥25,000 | ¥7,500 |
| TEQ ay mataas sa 1000cc ngunit ≤ sa 1,500cc | ¥34,500 | ¥30,500 | ¥8,500 |
| TEQ ay mataas sa 1500cc ngunit ≤ sa 2000cc | ¥39,500 | ¥36,000 | ¥9,500 |
| TEQ ay mataas sa 2000cc ngunit ≤ sa 2500cc | ¥45,000 | ¥43,500 | ¥13,800 |
| TEQ ay mataas sa 2500cc ngunit ≤ sa 3000cc | ¥51,000 | ¥50,000 | ¥15,700 |

※Tax Rate①：Brand new sasakyan, naiparehistro hanggang Setyembre 30, 2019
※Tax Rate②：Brand new sasakyan, naiparehistro mula Oktubre 1, 2019 pataas

【Mga Truck】

| Classification | Private Use | Commercial Use |
|---|---|---|
| Max. Loading Capacity ay ≤ sa 5 tons | ¥8,000 - ¥25,500 | ¥6,500 - ¥18,500 |
| Max. Loading Capacity ay mataas sa 5 tons ngunit ≤ sa 8 tons | ¥30,000 - ¥40,500 | ¥22,000 - ¥29,500 |

**◎ Sistema ng Green-ka zei (Environmentally Friendly Tax)**

Sa pagtataguyod ng paggamit ng eco-friendly na sasakyan, ipinatutupad ang “Greenization of Automobile Tax (Category Base)” kung saan maaaring bumaba o maaaring tumaas ang inyong ‘Automobile Tax (Category Base)’ depende sa epekto na idinudulot sa kapaligiran ng inyong sasakyan.

**◎Maaari nang magpa-inspeksyon (shaken) ng sasakyan kahit hindi magpakita ng “Automobile Tax (Category Base)” certificate.**

Sa pagpapa-shaken ng sasakyan at iba pa. (kasama ang shaken sa pagpatuloy sa pag-gamit, at pagbabago sa istraktura ng sasakyan), ang impormasyon na nakalagay sa “Automobile Tax (Category Base)” certificate ay makukumpirma online sa Transport Bureau.

※Paalala, aabutin ng mga 2 linggo pagkatapos magbayad bago makumpirma online ang impormasyon. Kung magpapa-shaken agad pagkatapos magbayad, mangyaring magbayad sa pinakamalapit na Tax Office sa Prepektura o Tax Office ng mga sasakyan, atbp. at mangyaring ipakita ang tax payment certificate na iyong natanggap sa transportation branch office. (Pakitandaan na hindi nagpapadala ng tax payment certificate kung nagbayad gamit ang bank transfer, internet credit card payment, smartphone app, atbp.)

**◎Kung ibinenta, inilipat ang pagmamay-ari, pina- scrap, o lumipat ng tirahan, kailangan irehistro at i-update ang impormasyon ng sasakyan sa Transport Bureau Branch Office.**

Sakaling hindi naisagawa ang proseso ng pagpapa-update sa rehistrasyon ng sasakyan, ang may posibilidad na hindi maipadala sa tamang may-ari ang bills at maging sanhi ng kaguluhan.

Bilang karagdagan, kahit na nakapagpalit na ng address sa munisipyo hindi matatanggap ang abiso ng pagbabayad ng buwis hangga't hindi napapalitan ang address sa Transport Bureau Branch Office. Kung lumipat at hindi kaagad naisagawa ang proseso ng change of address, makipag-ugnayan sa Gifu Automobile Taxation Office.

Kung matapos na makapagbayad ng “Automobile Tax (Category Base)” at nagpakansela ng rehistro ng sasakyan, maaaring bumalik ang sobrang bayad ng monthly installment mula sa sumunod na buwan ng month kung kailan nagpakansela ng rehistrasyon.

**■Para sa mga katanungan sa proseso ng pagpapa-update sa rehistrasyon. (Wikang Hapon lamang)**

| *Kawanihan* | *Address* | *Telepono* |
|---|---|---|
| Chubu District Transport Bureau, Gifu Branch | 〒501-6133 Gifu City, Hikie 2648-1 | (050) 5540-2053 |
| Chubu District Transport Bureau, Gifu Branch<br>Hida Vehicle Inspection Registration Office | 〒506-0035 Takayama City, Shingu Cho 830-5 | (050) 5540-2054 |

## ◎Reduction/ Exemption ng ‘Automobile Tax (Category Base)’

Mayroong sistema ng reduction/ exemption sa “Automobile Tax (Category Base)” ng sasakyan para sa mga nagmamay-ari na may pisikal o intellectual na kapansanan.

Ang aplikasyon ay tinatanggap sa pinakamalapit na Taxation Office ng prepektura sa inyong tinitirahan, Gifu Automobile Taxation Office at Hida Prefectural Automobile Taxation Office.

**【Para sa mga katanungan may kinalaman sa Automobile Tax(Category Base)】**

| Opisina | Address | Telepono |
|---|---|---|
| Gifu Automobile Taxation Office<br>(para sa Gifu registration plate) | 〒501-6192<br>Gifu City, Hikie 2648-3 | (058) 279-3781 |
| Hida Prefectural Taxation Office, Automobile Taxation Branch (para sa Hida registration plate) | 〒506-0035<br>Takayama City, Shingu Cho 830-7 | (0577) 36-1400 |

**【Para sa mga katanungan o konsultasyon sa Foreign Languages】**

| | Araw at Oras ng Konsultasyon |
|---|---|
| Gifu International Center | Lunes ～ Biyernes 9:30 ~ 16:30<br>〒500-8875 Gifu City, Yanagase Dori 1-12, Gifu Chunichi Bldg. 2F<br>Telepono: (058) 263 - 8066 |
| Kamo Prefectural Office | Lunes ～ Huwebes 9:00 ~ 16:00<br>Biyernes 9:00 ~ 15:00<br>〒505-8508 Minokamo City, Kobi Cho, Shimo kobi 2610-1 Kamo General Government Bldg. 3F<br>Telepono: (050) 1731 - 7583 |

**※ Available lamang sa mga araw ng trabaho. Bilang karagdagan, kahit na sa mga araw at oras ng trabaho, maaaring hindi makatugon kung ang interpreter ay hindi available dahil sa mga konsultasyon o holiday.**




**Prepektura ng Gifu**